DEPARTAMENTO NG FILIPINO
Sentro ng Kahusayan sa Filipino ng CHED
Kolehiyo ng Malalayang Sining, Pamantasang De La Salle - Maynila

GAWAD LASALYANO
SA PINAKAMAHUSAY NA AKLAT SA FILIPINO
(2000-2007)

Rasyonal:
*Layunin ng **Gawad Lasalyano sa Pinakamahusay na Aklat sa Filipino** na parangalan ang mga pinakatatanging awtor, manunulat at iskolar na nagsusulong na payamanin ang kaalaman at diskursong Filipino sa pamamagitan ng pagpapalimbag ng aklat at diseminasyon nito sa madla. Pinabibilis ng mga aklat na ito ang adhikain para sa intelektuwalisasyon ng wikang Filipino at ang pagbubuo ng intelektuwal na tradisyon sa bansa na nakasalig sa sariling wika, kultura at karunungan. Sa pamamagitan ng gawad na ito, makikilala ang mga dakilang aklat ng ating henerasyon at sa mga susunod pang henerasyon at ang mahuhusay na awtor na nagsusulat, tumatangkilik at taas-noong kumikilala sa wikang Filipino.*

Tuntunin:

1. Ang gawad ay bukas sa lahat ng aklat na nakasulat sa Filipino at nailimbag mula 2000 hanggang 2007.
2. Sa pagpapasinaya ng gawad sa taong ito, magkakaroon ng isang pinakamahusay na aklat at dalawang finalist sa bawat kategorya. Hahatiin sa limang kategorya ang gawad: literatura/pagsasalin, pilosopiya-humanidades-kritika, agham/agham panlipunan, reference, autobiograpiya/biograpiya-journalism

   Klasipikasyon ng mga aklat sa bawat kategorya:

   a. Literatura-Pagsasalin
   * *antolohiya ng mga tula o maikling kuwento, kuwentong pambata*
   * *nobela*
   * *dula, koleksyon ng iskrip pampelikula o pantelebisyon*
   * *malikhaing sanaysay (creative nonfiction)*
   * *manwal sa malikhaing pagsulat o pagsasalin*
   * *salin sa Filipino ng aklat ng malikhaing akda*
   * *salin sa Filipino ng aklat sa iba't ibang disiplina*

   b. Pilosopiya-Humanidades-Kritika
   * *iskolarling aklat sa arkitektura, sining-biswal, teatro, sayaw, pelikula, musika, iskultura*
   * *aklat-sanaysay sa pilosopiya*
   * *aklat-sanaysay sa kritika*
   * *aklat-sanaysay sa sining at kultura*
   * *aklat-sanaysay sa wika/pag-aaral ng wika*

   c. Agham-Agham Panlipunan
   * *kasaysayan, sosyolohiya, antropolohiya, sikolohiya, agham pampolitika*
   * *matematika, engineering, agham pangkompyuter, general science*

   d. Reference
   * *tesauro, diksyonaryo*
   * *ensayklopidya, atlas, almanac*
   * *coffee table book*

   e. Autobiograpiya/biograpiya-Journalism
   * *koleksyon ng mga interbyu*
   * *koleksyon ng mga sinulat sa dyaryo/magazin (balita, lathalain, kolum, atbp.)*
   * *investigative journalism*
   * *kuwentong buhay, talambuhay (auto/biograpiya)*
3. Ang mga aklat na papaloob sa limang kategorya ay susuriin batay sa mga sumusunod na pamantayan:

Orihinalidad at kontribusyon sa larang ng kaalaman	**40%**
Kontribusyon sa intelektuwalisasyon ng Filipino	**30%**
Paggamit ng wika, estilo ng pagsulat at editing	**20%**
Disenyo ng pabalat at kabuuang lay-out	**10%**

4. Maaari pa ring isali ang mga nanalong aklat mula sa ibang gawad o patimpalak.
5. Hindi maaaring sumali ang limang miyembro ng Komite ng Gawad Lasalyano sa Filipino na magmumula sa Departamento ng Filipino at mga huradong mapipili. Mayroong tatlong hurado na uupo sa bawat kategorya. Dalawa sa mga ito ay batikang manunulat/kritiko/awtor/risertser sa Filipino at ang isa naman ay manggagaling sa Komite ng Gawad Lasalyano sa Filipino. Tatawaging **Manunuri ng Aklat-Filipino** ang mga huradong uupo sa seleksyon ng mga gagawarang aklat.
6. Kailangang ipadala ng manunulat/awtor/publisher ang tatlong kopya ng aklat para makasali sa gawad. Hindi na isasauli ang mga aklat sa mga manunulat/awtor o publisher. Magiging pagmamay-ari ng Departamento ng Filipino ang mga aklat.
7. Tatanggap ng plake ang mga mananalong manunulat/awtor na igagawad sa Agosto 29, 2008 sa Pamantasang De La Salle – Maynila.
8. Ipadala ang mga kopya ng aklat sa:

   Manunuri ng Aklat-Filipino, Gawad Lasalyano sa Filipino
   Departamento ng Filipino, Pamantasang De La Salle – Maynila
   2401 Taft Avenue, Manila 1004 Philippines

9. Kung may katanungan hinggil sa Gawad Lasalyano sa Filipino maaaring mag-email sa fildept@yahoo.com.
10. Sa **Hulyo 15, 2008** ang deadline ng pagpasa ng mga aklat.